# Malapit na bang mag-umpisa sa paaralan ang iyong anak?

Narito ang ilang mga payo upang makapaghanda.

# Handang Mag-aral nang Magkasama

EarlyEd Together supporting children... Starting early!

## Ang mga batang independiente at kayang mag-asikaso sa sarili kapag magsisimula sila sa paaralan, ay handang mag-aral

### Maaaring hindi komportable ang mga uniporme




Sa pamamagitan ng pagsasanay sa pagbibihis ng mga uniporme, ilang beses bago mag-umpisang pumasok sa paaralan, magagawa ng inyong anak na:

- Masanay sa pakiramdam ng iba't-ibang mga damit, shorts, at sapatos
- Matuto kung paanong kumilos, tumakbo, maupo, at maglaro na nakadamit sa mga ito

Kailangang kaya ring asikasuhin ng inyong anak ang kanilang mga damit, tulad ng pagsiper sa mga jacket at pagkabit sa mga butones upang sila ay maaaring independiente.


**Tulungan ang inyong anak na tandaan kung ano ang gagawin upang maghanda:**

- Gumamit ng mga larawan o iguhit ang bawat hakbang upang makagawa ng isang nakikitang plano upang sundin nila.
- Basahin ang nakikitang plano bawat araw ng pasukan at iwan ito sa kanila upang sundin.

Sa bahay, maaari kayong maglaro ng "kunwari ay nasa paaralan" at gawin ang nakagawiang pagdadamit, pagpasok sa paaralan, at iba pang mga bagay na maaari ninyong gawin.

### Paghahanda sa umaga

GUMUHIT NG LARAWAN NG MGA KAUGALIANG GINAGAWA



## TULUNGAN ANG IYONG ANAK NA MAGHANDANG MAG-ARAL

Ang mapagkukunang ito ay isang pagpapatuloy ng Learn to Play _ Play to Learn na serye ng mababa hanggang walang gastos, na napapabilang na mga ideya na gagawin sa bahay o sa iyong lugar. Ang serye ay dating binuo ng mga guro at mga therapist ng EarlyEd sa pakikipagsosyo sa aming komunidad sa pamamagitan ng Start Strong Pathways, pinondohan ng NSW Department of Education. Ang mga pagsasalin ay pinondohan ng City of Parramatta 2023 Community Capacity Building Grant.

ARBN: 648 016 531 ABN: 42 096 307 200 CFN: 10570 Early Education (EarlyEd) Inc.

## Ang pag-iim-pake ng isang bag ng paaralan ay hindi napakamadali



Ang pag-iimpake ng isang bag ng paaralan at pagsiper nito ay mahirap na gawin, lalo na kung ito ay nakasabit sa isang kawit o puno ng mga bagay. Tulungan ang iyong anak na matuto sa pamamagitan ng pagsasanay:

- Upang malaman ang pinakamadaling paraan na isiper ito. Ito ba ay kung nakakabit ito sa isang kawit o nakalatag sa lupa?
- Sa mga hakbang na ito na sabihin sa kanilang sarili kapag isinasara ang siper ng bag:
  - Itulak ang lahat ng iyong mga bagay sa loob.
  - Hawakan ang gilid gamit ang isang kamay.
  - Gamitin ang ibang kamay upang dahan-dahan na hilain pataas at paibabaw ang zipper.

## Pangasiwaan ang isang lunch box



**Ang mga lunch box ay maaaring mahirap na gamitin:**

Tumulong na gawing madali, at hindi nakababahala ang oras ng tanghalian sa paaralan. Bigyan ang iyong anak ng mga pagkakataon na makapagsanay sa paggamit ng kanilang lunch box. Sanayin ang:

- pagbubukas sa kahon at pagbabalanse nito sa kanilang kandungan

- pag-asikaso sa mga bagay sa loob nito, pagbubukas sa mga pakete, mga sisidlan ng yoghurt, snack bars, at saging.

Subukan ang iba't-ibang mga kahon upang malaman ang nababagay sa iyong anak o ang uri na gusto nila. Lahat ng mga gawaing ito ay nangangailangan sa mga bata na gamitin ang kanilang fine motor skills (paggamit sa mga maliliit na kalamnan ng mga kamay), motor planning (utak at kalamnan na nagtutulungan upang makagawa ng paggalaw), koordinasyon, at lakas!



## Paano ko hanapin ang aking bag? Magkakapareho silang lahat.

**Tulungan mo ang iyong anak na hanapin ang kanilang mga gamit:**

- Lagyan ng etiketa ang lahat. Tulungan ang iyong anak na kilalanin ang kanilang pangalan upang mahanap nila ang mga gamit nila.
- Magkabit ng isang malaki at kapansin-pansin sa kanilang bag upang madali nilang mahanap tulad ng isang ribbon o tag. Maaari itong isang bagay na gusto nila o isang bagay na espesyal na ginawa ninyong magkasama. Pagkatapos ay magsanay sa paghahanap ng bag.

## Sanayin ang pagsusuot ng iyong backpack



**Sanayin ang pagdadala ng isang backpack.**

Kung ang isang bata ay hindi makakayang magdala ng isang backpack sa kanilang likod, o hindi sila komportable, hindi nila ito dadalhin.

Kailangan nilang matutong maging independiente at dalhin ito sa kanilang sarili.

Sanayin ang paglalagay nito at pagsusuot ng isang backpack kasama ang iyong anak. Pag-usapan kung paano ilalagay ito gamit ang magkabilang mga strap sa balikat.

Kinakailangan na marunong maglakad nang matangkad na hindi masyadong nakayuko nang pasulong ang mga bata. Lagyan ang lahat ng mga bulsa upang nahahati-hati ang mga nilalaman at ilapit ang pinakamabigat na bagay sa kanilang likod.